{Nagtanong ako kay `Ā'ishah sapagkat nagsabi ako: "Ano ang mayroon sa nagreregla: nagbabayad-pagsasagawa ng pag-aayuno at hindi nagbabayad-pagsasagawa ng pagdarasal?

Ayon kay Mu`ādhah na nagsabi: {Nagtanong ako kay `Ā'ishah sapagkat nagsabi ako: "Ano ang mayroon sa nagreregla: nagbabayad-pagsasagawa ng pag-aayuno at hindi nagbabayad-pagsasagawa ng pagdarasal?" Kaya nagsabi siya: "Ḥarūrīyah§ ka ba? Nagsabi ako: "Ako ay hindi Ḥarūrīyah subalit ako ay nagtatanong." Nagsabi siya: "Dumadapo sa amin iyon kaya inuutusan kami ng pagbabayad-pagsasagawa sa pag-aayuno at hindi kami inuutusan ng pagbabayad-pagsasagawa sa pagdarasal."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagtanong si Mu`ādhah Al-`Adawīya sa Ina ng mga Mananampalataya na si `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) sapagkat nagsabi ito: "Ano ang mayroon sa nireregla: nagbabayad-pagsasagawa ng pag-aayuno at hindi nagbabayad-pagsasagawa ng pagdarasal?" Kaya nagsabi siya rito: "Ikaw ba ay kabilang sa mga tagapaghimagsik na Ḥarūrīyah na nagpaparami ng mga tanong dahil sa pangungulit at pagpapakahigpit. Nagsabi ako: "Ako ay hindi Ḥarūrīy subalit ako ay nagtatanong." Nagsabi siya: "Dumadapo sa amin ang pagreregla kasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaya inuutusan kami ng pagbabayad-pagsasagawa sa pag-aayuno at hindi kami inuutusan ng pagbabayad-pagsasagawa sa pagdarasal."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3449